# Mga Bagong Numero Para Sa Mga Biktima Ng Karahasan Sa Tahanan

Ang mga taong kahit sa ibat-ibang pinang-galingan ay maaaring maging mga biktima ng pang-pamilyang karahasan o pagka-ligalig, pagmalabisan o mga kaganapang malagay sa panganib ang buhay. Kung ikaw ay biktima ng karahasan sa pamilya, maaari kang matulungan ng Social Security.

Ang mga kilusan ng madla ay matinding nagpa-pabatid kung gaano kahalaga para sa mga biktimang ito ang pag-plano ng isang paraan para sa kanilang kaligtasan. Kabilang dito ang pagti-tipon ng mga pang-sarilinang papeles at ang pagpili ng mapu-puntahang ligtas na lugar. Paminsa-minsan, ang pinaka-mabuting paraan para maiwasan ang pang-aabusong ito at ng mabawasan ang darating pang panganib ng karagdagang karahasan ay ang mabutihang paghahanap ng ibang lugar para manirahan at makapag-tatag ng panibagong pagka-kakilanlan. Pagkatapos ng mga pagba-bagong ito, maaari ring makatulong ang kumuha ka ng panibagong numero ng Social Security.

Kahit na hindi karaniwang nagta-talaga ng mga bagong numero ang Social Security, magagawa namin ito sa oras na mapatunayan naming ikaw ay kasalukuyang ginugulo o pinagma-malupitan o kung nanganganib ang buhay mo.

Napaka-laking kapasyahan ang mag-hain ng bagong numero. Maaari itong maging sagabal sa karapatan mong makipag-alaman sa mga sangay ng pederal at estado, mga pinaglilingkuran at mga iba pa. Ang ka-dahilanan dito ay dahil sa ang mga talaan mo sa pananalapi, pagga-gamutan, pagta-trabaho, at ang mga iba pang talaan ay nasa ilalim pa rin ng dati mong pangalan (kung ang iyong pangalan ay binago mo na ) at dati mong numero ng Social Security. Ipapayo lang namin sa iyo na bago ka kumuha ng bagong numero ay unahin mo munang palitan ang pangalan mo kung binabalak mo itong baguhin.

## Papaano maka-kakuha ng bagong numero

Ang pagpunta mo mismo sa tanggapan ng Social Security ay isang pangangailangan. Tutulungan ka naming bumuo ng pahayag na naglalahad ng kapa-liwanagan na kung bakit nanganga-ilangan ka ng bagong numero at ang pagha-hain ng isang bagong numero.

Kakailanganin mong ipakita:

- Ang katibayan sa pamamagitan ng kasulatan ng pang-liligalig o ng pag-mamalabis;
- Ang kasalukuyan mong numero ng Social Security;
- Mga orihinal na kasulatang nagtatatag ng iyong:
  — Pagka-mamamayan ng U.S. o pang-darayuhang katayuan;
  — Edad;
  — Pagka-kakilanlan; at
  — Katibayan ng pang-batasang pagbabago ng pangalan mo, kung ang iyong pangalan ay nagbago na.

At ka-kailanganin din naming makita ang mga orihinal na kasulatan na nagpapatunay na mayroon kang kautusan para mag-alaga ng sino mang mga kabataan na hinihilingan mong baguhin ang kanilang mga numero at karagdagang kasulatang nagsasaad na sila ay mamamayan ng U.S., edad nila, at kanilang pagka-kakilanlan.

### Pagka-mamamayan o pang-darayuhang katayuan

Mamamayan ng U.S.: Tatanggapin namin ang mga ilang tiyak na kasulatan bilang katunayan ng pagka-mamamayan ng U.S. Kabilang dito ang katibayan ng kapanganakan sa U.S. o pasaporte ng U.S.

Hindi mamamayan: Para mapatunayan ang pang-darayuhang katayuan sa U.S., dapat ipakita mo sa amin ang iyong mga kasalukuyang katibayan na nang-galing sa U.S. Immigration, ang I-94, Arrival/Departure Record, na ipinag-kaloob sa iyo noong dumating ka dito sa Estados Unidos. Kung ikaw naman ay mag-aaral na may taguring F-1 o M-1, ka-kailanganin mo ring mag-pakita sa amin ng iyong I-20, *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status* (*Katibayan ng Pagiging may Karapatan para sa Walang Pang-darayuhang Katayuan ng Mag-aaral*). Kung ikaw ay naman ay nasa pangkat ng J-1 o J-2 exchange visitor (naki-kipag palit na panauhin), dapat mo kaming pakitaan ng DS-2019, *Certificate of Eligibility for Exchange Visitor* (*Katibayan ng Pagiging may Karapatan sa Katayuang Panauhing Naki-kipagpalit*).

### Edad

Dapat kang magbigay ng katibayan ng iyong kapanganakan.

### Pagka-kakilanlan

Tatanggapin namin ang ilang tiyak na katibayan bilang katunayan ng pagka-kakilanlan. Ang papayagan naming katibayan ay dapat pang-kasalukuyan at (hindi lipas sa panahon) na dapat makikita ang pangalan mo, makapag-tuturo ng kaalamang nauukol sa iyong pagkaka-kilanlan at nakasama ang kama-kailan lang na kakukuhang larawan mo.

Mamamayan ng U.S.: Hihilingin ng Social Security na pakitain mo sila ng lisensiya ng pagma-maneho sa U.S., tarheta ng pagka-kakilanlan na hindi maaaring gamitin para magmaneho na ipinagkaloob ng estado, o ang pasaporte ng U.S. bilang katunayan ng pagka-kakilanlan. Kung wala ka naman ng mga hinihiling naming detalyadong katibayang ito , hingiin namin na magpakita ka ng iba pang katibayan, kabilang dito ang:

- Tarheta ng pagka-kakilanlan bilang kawani;
- Pang-paaralang tarheta ng pagka-kakilanlan;
- Tarhetang nag-mula sa pangkalusugang kaseguraduhan (hindi ang tarheta ng Medicare);
- Tarheta ng pagka-kakilanlan na galing sa military ng U.S.; o
- Kautusan sa pág-aampon.

Hindi mamamayan: Hihilingin ng Social Security na matingnan ang iyong mga pang-kasalukuyang katibayan na nanggaling sa U.S. Immigration. Kabilang sa mga tinatanggap na kasulatan ng immigration ay ang iyong:

- Form I-551 (kasama dito ang immigrant visa na madaling nababasa ng makina, kasama ng hindi pa lipas sa panahon na pang-darayuhang pasaporte);
- I-94 kalakip ng hindi pa lipas sa panahon na pang-darayuhang pasaporte; o
- I-766 (work permit card [tarhetang may kapa-hintulutang mag-trabaho] na galing sa DHS).

## Paano upang baguhin ang iyong pangalan sa iyong card

Kung ikaw ay may kapahintulutan ng batas na palitan ang iyong pangalan dahil sa pag-aasawa, paghi-hiwalay, pag-uutos ng hukuman o ano pa mang ibat- ibang kadahilanan, agad mo itong ipag-bigay alam sa Social Security upang babaguhin ang impormasyon sa tarheta mo. Kung ikaw ay nagtratrabaho, mangyaring ipag-bigay alam din ito sa iyong pinaglilingkuran. Kapag hindi ka nagpapa-bigay alam sa kanila, maaring:

- maantala ang pagsasauli ng ibinayad sa balik-buwis mo (tax refund); at
- mahadlangan ang wastong pagtatala ng iyong mga sinahod sa talaan ng Social Security. Maaring maging dahilan ito na ang

(kabila)

benepisiyo sa Social Security mo sa hinaharap ay mas mababa kaysa tunay na halaga.

Kung kailangan mong palitan ang iyong pangalan sa tarheta ng Social Security , nararapat na may mai-pakita ka sa amin ng katibayang kama-kailan lamang naibigay sa iyo bilang pagpa-patunay ng iyong pang-batasang pagba-bago ng pangalan. Ang mga kasulatang maaring tanggapin ng Social Security para mapatunayan ang pang-batas na pagpa-palit ng pangalan mo ay: Katunayang may naganap na kasalan, detalyadong pag-aatas ng batas ng paghi-hiwalay na maaari mong baguhin ng hayagan ang iyong pangalan, katibayan ng iyong pagiging Naturalisado na nakikitang mayroon ka ng bagong pangalan o kautusan ng hukuman para mapalitan ang pangalan mo.

Kung ang katibayan ng isang legal na pagbabago ng pangalan ay hindi nagbibigay sa amin ng sapat na impormasyon upang makilala ka sa aming mga talaan o kung ang iyong mga dokumento ay ibinigay higit sa dalawang taon na ang nakakaraan, mo ring kailangang magpakita sa amin ng isang dokumento ng pagkakakilanlan sa iyong lumang pangalan (tulad ng ipinapakita sa aming mga talaan).

Kasal, diborsiyo o pagpapawalang-bisa: Bilang karagdagan sa pagpapakita sa amin ng isang legal na dokumento na nagpapatunay ng iyong kasal, diborsiyo o pagpapawalang-bisa, dapat kang magbigay ng isang dokumento ng pagkakakilanlan. Dokumento na dapat ipakita ang iyong lumang pangalan, pati na rin ang iba pang impormasyon sa pagkilala o kamakailang mga litrato. (Maaari naming tanggapin ng nag-expire na dokumento bilang katibayan ng iyong lumang pangalan.)

Pag-ampon, naturalization o iba pang mga pangalan ng pagbabago: Bilang karagdagan sa pagpapakita sa amin ng isang legal na dokumento na sumisipi sa iyong bagong pangalan, tulad ng isang utos ng hukuman, mag-atas ng pag-aampon o Sertipiko ng Naturalisasyon, dapat mong ipakita ang isang dokumento ng pagkakakilanlan sa iyong lumang pangalan (tulad ng ipinapakita sa aming mga talaan ). Kung wala kang isang dokumento ng pagkakakilanlan sa iyong lumang pangalan, maaari naming tanggapin ang isang dokumento ng pagkakakilanlan sa iyong bagong pangalan hangga't maaari naming maayos maitaguyod ang iyong pagkakakilanlan.

Karagdagan sa iyong pangalan, ang mga katunayang ito ay kailangang may maituturong kaalaman o larawang kamakailan lang kinuha.

Pareho ng mga dokumentong ito ay dapat ipakita ang pagkilala sa impormasyon o kamakailang mga litrato.

Citizenship: Gayundin, kung ikaw ay isang US citizen na ipinanganak sa labas ng Estados Unidos at aming mga talaan ay hindi ipakita ikaw ay isang mamamayan, ikaw ay kailangang magbigay ng patunay ng iyong US citizenship. Kung ikaw ay hindi isang mamamayan ng US, Social Security ay magtanong upang makita ang iyong kasalukuyang mga dokumento ng imigrasyon.

Iyong bagong card ay ang parehong numero ng bilang iyong nakaraang card, ngunit ipakita ang iyong bagong pangalan.

***Ang lahat ng mga katibayan ay ka-kailanganing dapat orihinal o pagpapatunay na kopyang galing sa tagapag-alaga ng mga talaan. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga larawang sipi o mga ipina-notaryong kopya ng mga katibayan.*** Maaari naming gamitin ang isang katibayan para sa dalawang layunin. Ang halimbawa nito ay, ang iyong pasaporte ng U.S., maaari naming gamiting katunayan ng pagka-mamamayan at ng pagka-kakilanlan. O maaari din naming gamitin ang katibayan ng iyong kapanganakan sa U.S. bilang katunayan ng iyong edad at pagka-mamamayan. ***Ganoon pa man, dapat kang mag-bigay ng humigit kumulang dalawang magka-bukod na katibayan.***

Ipapadala naming sa iyo ang iyong tarheta at numero kapag napasa-kamay na namin ang lahat ng aming ka-kailanganin at mapag-tanto naming tunay ang mga katibayang nagmula galing sa iyo sa kadahilanang pagpa-patunay na rin ng tanggapang nag-bigay sa iyo ng katibayan.

## Ang pagka-kaloob ng katunayang kailangan mo

Ang pinaka-mabuting katunayan ng mga pagma-malabis ay nanggagaling sa pangatlong pangkat, katulad ng pulis o ng mga pangpa-gamutang katao, at ito ay nagsa-salarawan kung anong kaurian at kalawakan ang ginawang pangli-ligalig, pag-mamalabis o ang ang pagka-kalagay ng buhay mo sa panganib. Ang iba pang katibayan ay maaaring kabilang ang pagpi-pigil na mga kautusan ng hukuman (restraining order) at kasulatan galing sa tuma-tangkilik (shelter) sa iyo, mga kaanak, mga kaibigan, mga tagapayo, o iba pa na may kaalaman ng pang-tahanang karahasang ito. Matutulungan ka naming kumuha ng ano mang karagdagang katibayang ka-kailanganin mo.

## Pag-block ng access sa iyong record

Maaari kang pumili upang harangan ang mga electronic na access sa iyong Social Security record. Kapag ginawa mo ito, walang sinuman, kabilang ang sa iyo, upang makakuha o baguhin ang iyong personal na impormasyon sa Internet o sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono. Kung iba-block mo ang access sa iyong record at pagkatapos ay baguhin ang iyong isip sa hinaharap, maaari mong makipag-ugnayan sa Social Security at hilingin sa amin upang i-unblock ang mga ito. Pumunta sa ***www.socialsecurity.gov/blockaccess*** upang harangan ang electronic access sa iyong personal na tala.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

National Domestic Violence Hotline
(Pambansang Hotline ng Karahasan sa Tahanan)
**1-800-799-SAFE (7233)**
(TTY) **1-800-787-3224**



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10093-TL
New Numbers For Domestic Violence Victims (Tagalog)
August 2011